JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Mosunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# Edukasyon sa Pagpapkatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8:
## Kagamitang Gawa ng tao, Ingatan Mo!



Pangalan ng Mag-aaral: ____________________________

Baitang at Seksyon: ____________________________

Paaralan: ____________________________



## Alamin

**Aralin 1.** Pangangalaga sa mga materyal na kagamitang likas o gawa ng tao. Sa modyul na ito ikaw ay inaasahan na:

1. Natutukoy ang kahalagahan sa pangangalaga ng mga kagamitang gawa ng tao.
2. Napapahalagahan ang mga kagamitang gawa ng tao.
3. Natutukoy ang mga paraan ng pangangalaga ng mga kagamitang gawa ng tao.

   **Kasanayang Pampagkatuto**
   (EsP4PD-IVh-i-13)



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik sa sagutang papel.

_____ 1. Alin sa mga sumusunod ang paraan ng pangangalaga ng bag?

A. Punuin ito ng kalat.
B. Ilagay ito kahit saan.
C. Ilatag sa tamang lagayan.
D. Ipagwalang bahala sa sulok.

_____2. Ano ang maaring gagawin mo sa pinaglumaang *magazine?*

A. Itapon sa basurahan　　B. Gawing Basahan
C. Gawing pabalat sa aklat　　D. Gamiting pangsunog

_____ 3. Alin sa sumusunod ang dapat mong gawin kung nakita mong nababasa sa ulan ang upuan ng iyong lolo?

A. Hayaan, sapagkat luma na ito.

B. Kunin at itapon sa basurahan.

C. Hayaang si tatay ang kukuha. .

D. Kunin at ilagay sa loob ng magamit.

_____ 4. Ano ang iyong gagawin sa laruan ng iyong kapatid na nakakalat sa inyong sala?

A. Itapon sa basurahan B. Susunugin ito

C. Ipamigay sa kapitbahay D. Itago sa isang lalagyan

_____5. Sino sa mga sumusunod ang may pagpapahalaga sa mga kagamitang gawa ng tao?

A. Sina Leo at Lea na sinisira ang mga laruan.

B. Sina Victor at Jade na naglalaro sa putikan suot ang puting damit.

C. Sina Andri at Andria na nililigpit ang pinggan pagkatapos kumain.

D. Si Paul at Paula na naglalaro ng *cellphone* habang nakasaksak ito sa kuryente.

# Modyul 8 — Kagamitang Gawa ng tao, Ingatan Mo!



## Balikan

Gawain 1: **Saan Ako Kabilang**

**Panuto:** Iguhit sa sagutang papel ang hugis puso kung ang sumusunod ay isang halaman, hugis bituin naman kung ito'y isang hayop

at hugis bilog kung ito'y isang kagamitan.

_____1. Kalabaw

_____2. Tsinelas

_____3. Anahaw

_____4. Aparador

_____5. Sampaguita



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin ang tula.

**Iingatan ko ang mga Kagamitang Gawa Mo!**

Pagmasdan mo ang ating kapaligiran,
Kay raming sari-saring mga kagamitan.
Mga gawa ng tao na kailangang pag-ingatan,
Bigyang halaga at aalagaan.

Tulad ng mesa, upuan, bahay at kuwadro,
Mga kagamitang gawa ng karpintero.
Kailangan nating pag-ingatan at alagaan,
Upang magamit natin ng pangmatagalan.

Nariyan din ang pantalon, baro at saya
Mga damit na gawa ng sastre at modista.
Mga kagamitang may malaking pakinabang,
Sa atin at sa buong bayan.

Sagutin ang mga tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang nais ipahiwatig ng tula?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Bakit kailangan nating pangalagaan ang mga kagamitang gawa ng tao?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________



## Suriin



## Tandaan

Ang ating mga kagamitan sa bahay, paaralan, at pamayanan ay nagmula sa ating kalikasan na ginawa ng tao. Lubos na pangangalaga at wastong pag-iingat ang ating maiaambag upang ang lahat ng ito ay maging kapaki-pakinabang sa loob ng maraming taon. Bawat kagamitan ay may ibat-ibang paraan ng pangangalaga halimbawa, ang upuan ay maaring punasan ng basang basahan samantalang ang mga *electronikong* bagay tulad ng *cellphone* at *tv* ay hindi maaring punasan ng mga basang basahan sapagkat ang kagamitang ito ay madaling masira kapag nabasa ng tubig.


Gamitin nang wasto ang ating mga gamit o kagamitan sa bahay, paaralan, at pamayanan. Sa pamamagitan nito, tayo ay nakatutulong sa pangangalaga sa ating kalikasan.



## Pagyamanin

Activity 3. **Ano ang nararapat sa akin**

**Panuto:** Isulat ang paraan ng pangangalaga ng bawat kagamitan sa sagutang papel.


Damit
pisara
Kagamitang gawa ng Tao
Aklat
cellphone



# Isaisip

Activity 4. **Sino ang tama**

**Panuto:** Isulat ang **Tama** kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kagamitang gawa ng tao, **Mali** naman kung hindi.

__________1. Iniiwan lang ni Roel sa mesa ang kanyang pinagkainan.

__________2. Tinupi at inilagay ni Ana sa aparador ang kanyang mga damit.

__________3. Inayos ng mga boys scout ang mga sirang sandalan ng mga upuan sa paaralan.

__________4. Ginawang pabalat sa mga aklat ng mga Girls Scout ang mga lumang magazine.

__________5. Hinayaan ni Leo na mabasa sa ulan ang upuan ng kanyang lolo.



# Isagawa

Activity 5. **Sino ang may pagpapahalaga**

**Panuto:** Suriin ang loob ng inyong bahay o pamayanan. Alin sa mga kagamitan ninyo ang nilikha ng tao. Paano mo ito pinahahalagahan.

| **Kagamitan** | **Pinanggalingan** | **Paano pinahahalagahan** |
|---|---|---|
| laruan | Bahay | Ilagay sa tamang lugar pagkatapos gamitin |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



## Tayahin

**Panuto:** Piliin ang titk ng tamang sagot. Isulat ito sa patlang bago ang bilang.

_____1. Ano ang mangyayari kapag wala tayong pagpapahalaga sa kagamitang gawa ng tao ?

A. ito ay madaling masisira.

B. tatagal ito panghabang buhay.

C. Kukunin ito ng taong may gawa.

D. Hindi ito masisira agad.

_____2. Paano mo maipapakita na may pagpapahalaga ka sa bagong laruan na bigay sa iyo ng iyong magulang?

A. Itapon sa basurahan.

B. Sirain ito kaagad upang mabilhan ulit.

C. Itago ito sa sulok.

D. gamitin ito sa tamang paraan.

_____3. Anong pangangalaga ang maari nating gawin sa aklat?

A. Gawin bangkang papel at eroplanong papel angbawat pahina.

B. Pabalatan ito ng plastic o lumang *magazine*.

C. Sulatan ang mga pahina nito.

D. Gupitin ang mga larawang napapaloob dito.

_____4.

| |
|---|
| Kabilang ang Cagayan at Isabela sa nasalanta ng bagyong Ulysses. Na nagdulot ng malawakang pagbaha. |

Ano ang gagawin mo sa mga sobra mong damit?

A. Ipamigay sa nasalanta ng bagyo.

B. Gawin itong basahan at ibenta.

C. Ibenta ito sa nasalanta ng bagyo.

D. Ipamigay ng may hinihinging kapalit.

_____5. Ano ang maari nating gawin sa lumang banga na pamana ng iyong lolo?

A. Basagin at itapon sa bakanteng lote.

B. Gawing palamuti sa loob ng bahay.

C. Ibenta sa isang *antique* collector.

D. Ipamigay sa isang kaibigan.



# Karagdagang Gawain

Activity 6: **Sino ang Masaya?**

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pangangalaga sa gamit at malungkot na mukha ☹ naman kung hindi ito nagpapakita. Iguhit ito sa patlang bago ang bilang.

_____1. Ginagamit ko nang may wastong pag-iingat ang mga gamit o kagamitan sa aming bahay upang hindi masira.

_____2. Itinatago ko sa kahong matibay ang mga gamit o kasangkapang hindi ko na ginagamit.

_____3. Gumagamit ako ng baso kung ako ay nagsesepilyo upang hindi masayang ang tubig.

_____4. Iniiwan ko sa mesa ang mga baso, pinggan, kutsara at tinidor na ginamit ko sa pagkain.

_____5. Hinihikayat ko ang aking mga kamag-aral na gamiting muli ang likod ng mga papel at kuwaderno na wala pang sulat.

## Sanggunian

Felamer E. Abac, et al., Edukasyon sa Pagpapakatao kagamitan ng Mag-aaral Unang Edisyon 2015, 348-350.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Rynard M. Mangubat
San Isidro Elementary School

Editor: Mark Lester L. Abellana

Tagasuri: Xilca H. Celicous
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP

Tagalapat: Jocelyn D. Carton

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*